

Salaysay ni Gg. Elicer G. Lauce

Gg. Elicer G. Lauce, 53 taong gulang, taga-barangay San Isidro, Capalonga, Camarines Norte, isang magsasaka at mangingisda, at Pangulo ng Samahan ng Magsasaka at Mangingisda ng Barangay San Isidro (SAMMABSI)

(Ang panayam kay Gg. Elicer G. Lauce ay naganap noong ika-31 ng Hulyo taong 2018 sa Capalonga, Camarines Norte. Ito ay inilahad kina Atty. Hasminah D. Paudac at Gg. Mohamad Rayyan M. Domado.)

Q1: Maaari mo ba kaming bigyan ng maikling personal na impormasyon?

A1: Isa akong magsasaka at mangingisda. Ang tatay ko ay taga-Paracale at ang nanay ko ay taga-Capalonga. Ako ang bunso sa limang magkakapatid. Ang kabuhayan namin ay pangingisda at pagsasaka. Mayroon akong anim na anak, tatlo sa kanila ang nakapagtapos na ng kolehiyo, at tatlo pa ang nag-aaral.

Q2: Kailan ka nag-umpisa magsaka at mangisda?

A2: Simula noong bata pa ako, kinamulatan ko na ang pagsasaka. Mga *Grade 3* palang ako, marunong na akong magtanim ng palay at mga gulay. Nagtatanim kami ng mga gulay sa loob ng aming bakuran para sa aming konsumo. Tinutukan ko ang pagsasaka noong 2006. Nagsaka ako sa loob ng 12 hanggang 13 na taon. Ako ay nakipagsapalaran sa ibang lugar pero bumalik ako sa Capalonga simula nang mabalitaan ko na puwede akong maging benipisyaryo ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP) at noong nakaraang Mayo 2018 ay nagkaroon na ako ng Certificate of Land Ownership Award (CLOA) ang area ay 1.8 ektarya galing sa Department of Agrarian Reform.

Q3: Anu-ano ang mga itinatanim ninyo?

A3: Sitaw, talong, saging, niyog at mga gulayin.

Q4: Sa tagal ninyo pong pagsasaka, mayroon po ba kayong napansin na kakaiba sa pagsasaka noon at ngayon?

A4: Wala kaming problema noon kasi may pinagkukunan kami ng tubig dahil may maliit kaming sapa. Dati, dalawang beses kami magsaka sa isang taon. Pero simula noong unti-unting natutuyo ang sapa noong taong 2000, isahan na lang sa isang taon ang pagsasaka. Dati, nagtatanim ka ng Hunyo, at nag-aani ng Setyembre hanggang Oktubre. Tapos kapag Disyembre kami nagtatanim, sa Marso kami nag-aani. Sa ngayon din, hindi naming natatamnan ang dalawang sakahan kasi kulang na kulang ang tubig. Kung sa amin na nasa bungad ng agos ng tubig mula sa sapa ay hirap na, paano na lang ang ibang magsasaka?

Q5: Anong taon nagsimula ang isang siklo ng pagsasaka (panahon ng pagtatanim at pag-aani)?

A5: Mula dekada setenta (1970s) hanggang sa huling bahagi ng dekada nobenta (*late* 1990s), naranasan namin ang dalawang siklo ng pagsasaka. Habang papatagal ay naging isahan na lang sa huling bahagi ng dekada nobenta hanggang 2000 dahil sa matinding pagbabago ng klima.

Q6: Mayroon bang kaibahan sa naaaning palay noon at ngayon?

A6: Kumokonti na ang nakukuha naming bunga ng niyog. Sa palayan na halos isang ektarya, mga 70-80 kaban ang nakukuha namin sa bawat siklo ng pagsasaka. Bawat kaban ay naibebenta namin ng PhP700.00. Ang 50 kaban ay nagsisilbing kapital, tapos 20-30 kaban ang sobra. Ngayon, 60 na kaban na lang ang naaani sa isang siklo. Nababawasan ng 20 kaban ang aming ani.

Q7: Anong pagbabago ang inyong napapansin sa kaniyugan?

A7: Ang mga bunga ng niyog ay lumiliit. Ang iba't ibang sakit sa mga niyugan ang pinoproblema namin ngayon. Kadang-kadang ay isa sa mga sakit ng niyog. Nagdudulot ito ng pamumula at pagkatuyo nang mga dahon nito hanggang sa mamatay. Kukulisap at brontispa ang tawag sa sakit na dumadapo sa niyog na dala ng mga insekto. Maraming insekto ang nagsisilabasan dahil sa sobrang init ng panahon.

Q8: Bukod sa nabanggit ninyo na pagbabago, mayroon pa ba kayong napansin?

A8: Nabago pati sistema ng pagsasaka. Dati, nagsasaka kami ng 6:00 ng umaga at uuwi kami ng 12:00 ng tanghali. Tapos babalik kami ng 1:00 hanggang 5:00 ng hapon. Ngayon, apat na oras lang kami nagsasaka sa umaga. Bumabalik na kami ng 10:00 dahil sa matinding init na hindi na namin kinakaya. Tapos bumabalik kami ng 3:00 ng hapon hanggang 6:00 ng gabi.

Q9: May pagkakaiba ba sa kita sa pagsasaka noon at ngayon?

A9: Oo. Mga 50% ang nabawas sa kita namin.

Q10: Nabanggit ninyo na nangingisda rin kayo. Sa pangingisda naman, mayroon ba kayong napansin na kaibahan sa noon at ngayon?

A10: Noong dekada setenta (1970s) hanggang dekada nobenta (1990s), kahit namimingwit ka lang sa tabing-dagat at sa bahura, may makukuha ka talagang isda. Sagana talaga ang karagatan noon. Marami talagang maibebenta na mga isdang-bato katulad ng lapu-lapu, molmol, tagpian, at iba pa. Pwedeng makahuli ng pitong (7) kilo sa loob ng tatlong oras. Pagpasok ng taong 2000, ibang-iba na kasi lumiit ang huli. Mga isang kilong isda na lamang ang nahuhuli namin. Bukod dito, mas mahirap talaga ngayon kasi lalayo ka pa para makahuli ng isda at maliliit na klase ng isda ang nakukuha hindi tulad noon.

Q11: Anong mga buwan kayo nangingisda?

A11: Kapag buwan ng Marso hanggang Oktubre, yan ang panahon na malakas ang pangingsda. Mula Nobyembre hanggang Pebrero naman, malakas ang hanging amihan dito sa amin kaya hindi kami nakakapangingisda.

Q12: Sa panahon ng amihan, ano ang ginagawa ninyo?

A12: Binubuhos po namin ang aming panahon sa pagtanim. Iba kasi ang hangin kapag sa sakahan.

Q13: May pagkakaiba ba sa sistema ng inyong pangingsda noon at ngayon?

A13: Noon, 4:00 ng umaga, lumalaot na kami para makarating kami sa laot ng 6:00 ng umaga. Ngayon, sa tindi ng init ng araw, nababawasan din ang oras ng pangingsda. Mga 11:00 ng umaga, sobra na ang init.

Q14: Ano ang kaibahan ng inyong kita noon at ngayon?

A14: Sa pangingsda, mga 75% ang pagkakaiba o nabawas sa aming kinikita.

Q15: Sabay niyo po bang ginagawa ang pangingsda at pagsasaka?

A15: Dati, pwede mong pagsabayin. Sa umaga, pwedeng magsaka, sa gabi pwedeng mangisda.

Q16: Sa ngayon, nagagawa niyo bang pagsabayin?

A16: Ay hindi na. Hindi na kaya. Kailangan talagang tutukan ang isa. Kasi kung hindi tututukan, masisira ang isang kabuhayan. Noon kasi nasasabay ang dalawa kasi hindi masakit ang tirik ng araw at kaunti lang ang mga insekto. Bukod dito, mga Nobyembre hanggang Pebrero ay panahon ng amihan kaya hindi makapangisda kasi malakas ang hangin. Nagsasaka kami sa panahon ng amihan.

Q17: Ano ang personal na epekto sa inyo ng matinding init at pagbabago ng klima, kung mayroon man?

A17: Siyempre sa kalusugan natin. Dapat hindi na mababad sa matinding sikat araw. Malaki rin ang naging problema sa inuming tubig dahil humihina ang agos ng bukal na pinagkukunan namin ng tubig. Naapektuhan din ang edukasyon ng mga anak namin. Kapag lumiit ang kita, lahat talaga maaapektuhan. Pero, edukasyon ang prayoridad namin. Masipag akong maghanap ng *scholarship* at *sponsor*. Pumapasok din ako sa ibang negosyo katulad ng *coco coir*. Yung mga hibla na galing sa bunot ng niyog ay ginagamit sa *geo net* at tali, tapos yung natitira naman ay ginagawang pataba. Hindi sapat ang kita kaya naghanap ako ng ibang pagkakakitaan. Gusto rin namin makatulong sa kalikasan. Iyong bunot na pinapaanod lang sa dagat, nagiging basura sa dagat, kaya nagkaroon ng inisyatiba ang aming samahang SAMMABSI at Municipal Coconut Industry Development Council (MCIDC).

Q18: Ano ang SAMMABSI? Ano ang layunin nito?

A18: Ang Samahan ng Magsasaka at Mangingisda ng Barangay San Isidro (SAMMABSI) ay isang *People's Organization*. Nagsimula kami noong 2013. Naitatag ito upang makahingi kami ng tulog mula sa ahensya ng gobyerno tulad ng *Department of Labor and Employment* at *Department of Agriculture*. Gusto namin sumali sa mga proyekto ng gobyerno upang makahalaw ng bagong kaalaman sa teknolohiya. Adhikain din namin na matugunan ang sakit ng mga damong dagat (*seaweeds*) sa karagatan.

Q19: Nabanggit ninyo ang naging personal na epekto sa inyo ng matinding init at pagbabago ng klima. Ano naman ang nakita niyong naging epekto nito sa inyong mga anak, kung mayroon man?


A19: Hindi sila nakukumbinse na magsaka at mangisda kasi mahirap ang kalagayan at walang permanenteng kita. Mabigat talaga ang pagtatrabaho sa pagsasaka.

Q20: Mayroon po ba kayong nais sabihin bukod sa inyong nasabi na?

A20: Nagpapasalamat kami sa pagbibigay ng oportunidad makapagsalita rito at pagkakaroon ng ganitong hinaing aksyon. Sana suportahan ang ganitong *initiave* at ang pag-aalaga sa kalikasan. Sana malabanan ang mga malalaking korporasyon na sumisira sa kalikasan. Itong ginagawa natin parang suntok sa buwan, ngunit posibleng magkaroon ng magandang resulta. Ang usaping pagbabago ng klima ay usapin sa buong mundo at hindi lang sa atin.

Q21: Handa po ba kayong panumpaan ang salaysay niyong ito kung kinakailangan?

A21: Opo.



Elicer G. Lauce
August 15, 2018